

# JUDIT

Ilang salaysay na may aral ang Aklat ni Judit (tingnan ang introduksyon sa Ester). Binigyang-buhay ito ng mga talaan at alamat ng pambansang pakikidigma sa panahon ng mga Macabeo.

May pangakong binitiwan ang Diyos kay Abraham (Genesis 12:2-3) at mas malinaw na iginiit ito sa Levitico 26 at Deuteronomio 28. Ayon sa pangakong ito, ipagtatanggol ng Diyos ang kanyang bayan kapag naging tapat ito sa Batas; subalit ibibigay niya sila sa mga kaaway kapag lumayo sila sa pagtupad sa Batas.

Sinisikap ipakita ng aklat ni Judit (ang *babaeng Judio* ang ibig sabihin ng *Judit*) sa isang salaysay na tinutupad ng Diyos ang kanyang pangako.

Kauuwi pa lamang ng bayan ng Diyos mula sa pagkatapon. Itinayo nilang muli ang Jerusalem na siyang kapitolyo, kinumpuni nila ang Templo at ibinalik ang pagsamba sa Diyos, at pinamayanan ang buong lupain. Sa madaling salita, nagkaroon sila ng panahon ng katapatan sa Diyos. At, ayon sa pangako, ipagtatanggol sila ng Diyos.

**Kapangyarihang nananalanta**

**1** 1 Noon ay ikalabindalawang taon ng pag-
hahari ni Nabucodonosor na hari ng Asiria
na nakapangyayari sa dakilang lunsod ng
Ninive, samantalang naghahari naman sa
Ekbatana si Arfaxad na hari ng mga Medo.
2 Nagtayo si Arfaxad sa paligid ng Ekbatana ng
pader na yari sa mga tinapyas na bato sa sukat
na isang metro at kalahati ang lapad at tatlong
metro ang haba. May taas na tatlumpu't limang
metro ang pader at may lapad na dalawampu't
limang metro. 3 Nagtayo siya sa mga pintuan ng
lunsod ng mga toreng limampung metro ang
taas at nakasalalay sa pundasyong dalawam-
pung metro ang lapad. 4 Ang mga pintuan ay
tatlumpu't limang metro ang taas at dalawam-
pung metro ang luwang, upang madaling maka-
labas ang kanyang mga hukbo at magmartsa
ang mga lakad na kawal. 5 Nang panahong iyon,
dinigma ni Haring Nabucodonosor si Haring
Arfaxad sa malapad na kapatagang nasa
Ragau.

6 Sumanib sa kanya ang lahat ng tagabun-
dok, ang mga taga-Eufrates, Tigris at Hidaspes,
at mga naninirahan sa kapatagan ni Ariok na
hari ng Elam. Kayat marami ang nagkampi-
kampi upang labanan ang mga anak ng Yeleud.

7 Sinugo ni Nabucodonosor na hari ng Asiria
ang kanyang mga tauhan sa mga taga-Persia at
sa lahat ng taga-Kanluran, sa mga taga-Cilicia,
Damasco, Lebanon at Antilibanon, sa mga
nasa tabing-dagat, 8 sa mga bayan ng Karmelo,
Galaad, sa Itaas na Galilea at sa Malaking Ka-
patagan ng Esdrelon, 9 sa mga nasa Samaria
at mga bayan nito, at sa mga nasa kabila ng
Jordan hanggang sa Jerusalem, Batanea,
Jelus, Kades, sa Ilog ng Ehipto, Tafnes,
Rameses at sa buong bansa ng Gosen, 10 hang-
gang sa kabila ng Tanis at Memfis, at sa lahat ng
nasa Ehipto hanggang sa hangganan ng Etio-
pia.

11 Ngunit hindi pinansin ng mga nakatira sa
lahat ng dakong ito ang utos ni Nabucodonosor
na hari ng Asiria at hindi sila sumama sa kan-
yang pakikidigma. Hindi na siya kinatatakutan
sapagkat itinuturing siyang isa na lamang kara-
niwang tao. Pinabalik nila ang kanyang mga
sugo na walang dala at napahiya. 12 Kaya galit
na galit si Nabucodonosor sa mga bansang ito at
isinumpa niya sa pangalan ng kanyang trono at
ng kanyang kaharian na parurusahan ang lahat
ng purok ng Cilicia, Damasco at Siria, at pa-
patayin sa pamamagitan ng tabak ang lahat ng
nasa lupain ng Moab, Amon, buong Judea at

lahat ng nasa Ehipto hanggang sa mga pam-
pangin sa pagitan ng dalawang dagat. 13 Sa
ikalabimpitong taon, dinigma ni Nabucodono-
sor si Haring Arfaxad, at ginapi ito sa labanan.
Napaurong niya ang hukbo ni Arfaxad, pati ang
mga kabayuhan at karwahe. 14 Sinakop ni Na-
bucodonosor ang lahat ng lunsod. Sa wakas ay
dumating siya sa Ekbatana, at giniba niya ang
mga tore niyon, winasak ang mga lansangan ng
lunsod at iginuho ang kamaharlikaan niyon.
15 Hinabol niya si Arfaxad sa mga kabundukan
ng Ragau, pinagsisibat at pinatay. 16 At mara-
ming mandirigma ang sumunod sa kanya sa
pagbalik niya sa Ninive kasama ang kanyang
hukbo. Siya at ang kanyang hukbo ay nanatili
roon, naglibang at nagdiwang nang sandaa't
dalawampung araw.

**2** • 1 Sa ikadalawampu't dalawang araw ng
unang buwan ng ikalabingwalong taon ng
kanyang paghahari, pinag-usapan sa Bahay ni
Nabucodonosor, hari ng Asiria, ang pagpapa-
parusa sa lahat ng sanlibutan ayon sa isinumpa
niya. 2 Tinipon niya ang kanyang mga ministro
at ang mga maharlika sa palasyo, at ipinahayag
ang kanyang lihim na balak. Ipinahayag niya
mismo ang lubusang pagwasak sa lupain 3 at
ang pagpatay sa lahat ng hindi nakinig sa kan-
yang panawagan.

4 Pagkatapos mabuo ni Nabucodonosor na
hari ng Asiria ang ganitong pasiya, ipinatawag
niya si Holopernes na punong-heneral ng kan-
yang hukbo at pangalawa sa pamumuno at
sinabi niya rito: 5 "Ito ang sinasabi ng Dakilang
Hari, na Panginoon ng buong daigdig: humayo
ka't isama mo ang may sandaa't dalawampung
libong magigiting na lakad na kawal at isang
malaking bilang ng mga kabayo na may kasa-
mang labindalawang libong mangangabayo.
6 Salakayin mo ang lahat ng bansa sa Kanluran
sapagkat hindi nila pinakinggan ang aking sa-
lita. 7 Sabihin mo sa kanila na pailalim sila sa
akin at kung hindi, ako mismo, sa galit ko, ang
sasalakay sa kanila. Tatakpan ko ang buong
mukha ng lupa ng mga yapak ng aking mga
kawal at ibibigay ko sa kamay nila ang lupain
upang samsamin. 8 Mapupuno ng kanilang mga
sugatan ang mga lambak, at paaapawin ng mga
bangkay ang kanilang mga ilog. 9 Itatapon ko
sila sa dulo ng daigdig. 10 Kayat humayo ka at
sakupin, sa aking pangalan, ang kanilang lu-
pain. Kapag sumuko sila sa iyo, bantayan mo
sila para sa akin hanggang sa araw ng parusa.
11 Kapag nanlaban sila, huwag mong patawarin.
Patayin mo sila at mandambong kayo sa buong
lupain. 12 Sapagkat isinusumpa ko sa ngalan ng
aking buhay at ng kapangyarihan ng aking
kaharian na isasakatuparan ko ang aking sinabi
sa pamamagitan ng sarili kong mga kamay.
13 At ikaw naman, huwag mong suwayin ang
mga salita ng iyong panginoon kundi isagawa
mo kaagad kung ano ang mga ipinag-utos ko
sa iyo. Huwag mong babaguhin ang alinman
doon."

14 Lumisan si Holopernes sa harapan ng
kanyang panginoon at tinipon ang mga heneral,
pinuno at kapitan ng hukbong Asirio. 15 Tinipon
niya ang may sandaa't dalawampung libong
piniling kawal para sa hukbo na ipinag-utos sa
kanya ng kanyang panginoon, at labindalawang
libong mangangabayong mamamana. 16 Ipi-
nuwesto niya ang mga iyon sa pakikidigma.
17 Nagsama rin siya ng mga kamelyo, asno at
mola upang magkarga ng mga dala-dalahan, at
maraming tupa, baka, at kambing para kainin.
18 Kaya nga mayroon siyang sapat na pagkain
para sa bawat kawal at maraming ginto at pilak
mula sa kabang-yaman ng hari.

19 Nauna kay Haring Nabucodonosor, luma-
kad na si Holopernes, kasama ang kanyang
hukbo, ang mga karwahe, mangangabayo at
piling mga lakad na kawal, upang saklawin ang
lahat ng lupain sa Kanluran. 20 Kasunod nila ang
isang malaking pulutong na parang mga balang
o buhangin sa dami.

21 Pagkatapos maglakad nang tatlong araw
mula sa Ninive, sumapit si Holopernes at ang
kanyang mga tauhan sa kapatagan ng Bektiles
at doon sila nagkampo malapit sa kabundukan
sa hilaga ng Itaas na Cilicia. 22 Mula roon,
isinama ni Holopernes ang kanyang buong
hukbo, mga lakad na kawal, mangangabayo at
mga karwahe at nagpunta sila sa rehiyon sa
kabun-dukan. 23 Winasak niya ang Put at Lud at
dinambong ang lahat ng lupain ng mga bayan
nina Rassis at Ismael sa hangganan ng disyerto
sa timog ng bansa ng Jeleon. 24 Tinalunton niya
ang Eufrates, tinawid ang Mesopotamia at wina-
sak ang lahat ng lunsod sa itaas ng ilog ng
Abrona hanggang sa dumating siya sa dagat.
25 Sinakop niya ang lupain ng Cilicia, at pinatay
ang lahat ng lumaban sa kanya, at dumating
siya sa lupain ng Yafet sa timog sa tapat ng
Arabia. 26 Pinaligiran niya ang lahat ng taga-

---

• **2.1** Nagpalabas si Nabucodonosor na hari ng Ninive, ng batas na dapat siyang kilalanin bilang kaisa-isang Diyos. Tumutol ang bayan. Ipinadala ng hari ang kanyang mga hukbo para pilitin ang mga taong sumunod. Nilupig niya ang hari ng mga Medo, subalit di tulad ng iba, ayaw pasakop ng mga Judio.

Madian, sinunog ang mga tolda ng mga iyon at dinambong ang mga alagang hayop. 27 At lumusong siya sa kapatagan ng Damasco sa panahon ng pag-aani ng trigo, sinunog niya ang lahat ng bukirin at pinakalat ang lahat ng hayop at kawan, ninakawan ang mga bayan, iginuho ang mga kapatagan at pinatay ang lahat ng kabinataan sa pamamagitan ng tabak.

28 Natakot at nanginig ang mga nakatira sa tabing-dagat sa Tiro at Sidon, Sur, Okina at Yamnia, Asdod at Askalon.

**3** 1 Kaya nga nagsugo silang lahat kay Holopernes ng mga kinatawan upang magalok ng kapayapaan: 2 "Tingnan mo, mga lingkod kami ni Nabucodonosor, ang dakilang hari, at ipinauubaya namin sa iyo ang aming sarili. Gawin mo ang gusto mong gawin sa amin. 3 Sa iyo na ang lahat ng aming bukirin, ang aming buong lupain, ang lahat ng aming taniman ng trigo, ang mga baka, ang aming mga tupa – gamitin mo ang mga iyon ayon sa kagustuhan mo. 4 Sa iyo na rin pati ang aming mga lunsod at ang mga tagaroon. Gawin mo sa kanila ang gusto mo." 5 Humarap kay Holopernes ang mga taong ito, at gayundin ang kanilang sinabi.

6 Lumusong si Holopernes patungo sa tabing-dagat, kasama ang kanyang hukbo. Nagtayo siya ng mga garison sa mga lunsod sa kaburulan at pumili sa mga pook na iyon ng mahuhusay na lalaking ginawa niyang hukbong pantulong. 7 Sinalubong siya ng mga tagalunsod, gayundin ng lahat ng nakatira sa mga bayan sa paligid, na may dalang kuwintas na bulaklak, nagsisiawit at sumasayaw sa saliw ng tamborin. 8 Gayunman, winasak din niya ang kanilang mga santuwaryo, pinutol ang mga banal na punungkahoy at pinagsisira ang lahat ng diyus-diyusan upang si Nabucodonosor na lamang ang sambahin ng mga tao at ipahayag ng mga mamamayan ng lahat ng wika at bansa na siya ang diyos.

9 At dumating siya sa tapat ng Esdrelon, malapit sa Dotan, sa harap ng mahabang hanay ng mga burol sa Judea. 10 Nagkampo siya sa pagitan ng Gueba Esitopolis, at nanatili roon nang isang buwan upang mangalap ng pagkain para sa kanyang hukbo.

**4** 1 Nabalitaan ng mga anak ng Israel sa Judea kung ano ang nangyari sa ibang mga bansa sa kamay ni Holopernes na punong-heneral ni Nabucodonosor na hari ng Asiria at kung paano siya nandambong sa mga kalapit na bayan at winasak niya ang mga santuwaryo. 2 At nagsipanginig sila sa matinding takot. Inisip nila ang mangyayari sa Jerusalem at sa Templo ng Panginoon na kanilang Diyos, 3 sapagkat kababalik pa lamang nila mula sa pagkatapon. Katitipon pa lamang ng bayan ng Judea at katatapos pa lamang na italaga ang Templo, ang Altar at ang mga kagamitan nito matapos na lapastanganin. 4 Kaya binalaan nila ang buong rehiyon ng Samaria, Kona, Bet-horon, Belmain, Jerico, Hoba at Esora at ang lambak ng Salem. 5 Inokupa nila ang lahat ng tuktok ng mga bundok, pinatibay ang mga tanggulan ng mga bayan, at nag-imbak sila ng pagkaing panustos sa digmaan yamang kapag-aani pa lamang sa kanilang mga bukirin.

6 Si Yoakim na punong-paring nasa Jerusalem nang panahong iyon ay sumulat sa mga taga-Betulia at Betomestaim sa tapat ng Esdrelon, sa bukana ng kapatagan ng Dotan. 7 Sinabi niya sa mga ito na bantayan ang mga lagusan sa bundok patungo sa Judea sapagkat madaling mapipigil doon ang mga dadaluhong yamang makikipot ang lagusan at hindi makararaan ang higit sa dalawa katao kung sabay na papasok.

8 Tumalima ang mga anak ng Israel sa mga utos ni Yoakim at ng Konseho ng Matatanda na nagpulong sa Jerusalem. 9 Marubdob na tumawag sa Diyos ang lahat ng Israelita at nagpakumbaba sila sa harapan niya. 10 Nagsuot ng sako ang mga lalaki, babae at bata, pati ang mga hayop, lahat ng dayuhang nakikipanirahang kasama nila, gayundin ang kanilang mga manggagawa at alipin. 11 Yumukod sa harapan ng Templo ang lahat ng taga-Jerusalem, kasama ang kanilang mga maybahay at mga anak, nagbudbod ng abo sa ulo at nag-unat ng kamay upang manalangin sa Panginoon. 12 Tinakpan nila ng sako ang Altar, at sama-samang nagsumamo sa Diyos ng Israel na huwag ipahintulot na patayin ang kanilang mga anak, o tangayin ang kanilang mga maybahay, wasakin ang kanilang mga bayan at lapastanganin ang kanilang Santuwaryo, at pagtawanan sila ng mga pagano.

13 Pinakinggan ng Panginoon ang kanilang panalangin at pinansin ang kanilang paghihirap. Nag-ayuno ang mga mamamayan sa buong Judea nang maraming araw, at ang mga nasa Jerusalem naman ay nag-ayuno sa Santuwaryo ng Makapangyarihang Panginoon. 14 Tumindig sa harapan ng Panginoon si Yoakim, ang punong-pari, kasama ang lahat ng pari at lingkod na nakasuot ng sako at nag-alay ng walang-hanggang handog, panalangin at kusang-loob na handog ng bayan. 15 Naglagay sila ng abo sa kanilang mga turbante at tumawag nang buong lakas sa Panginoon, at humiling na bantayan ang buong bahay ng Israel.

**5** 1 Nalaman ni Holopernes, ang punong
supremo ng hukbong Asirio, na handang
lumaban ang mga Israelita, na naisara na ng
mga ito ang mga lagusan sa bundok, pinatibay
ang mga tanggulan sa tuktok ng matataas na
bundok at nilagyan ng mga halang ang mga
kapatagan. 2 Galit na galit na tinawag ni Holo-
pernes ang mga pinuno ng mga Moabita, ang
mga heneral ng Amon at lahat ng gobernador ng
mga rehiyon sa tabing-dagat, 3 at sinabi sa ka-
nila: "Sabihin ninyo sa akin, mga tao ng Kanaan,
sino ang mga itong naninirahan sa kabun-
dukan? Aling mga bayan ang pinaninirahan
nila? Gaano kalakas ang kanilang hukbo? Saan
galing ang kanilang kapangyarihan at lakas?
Sino ang haring namumuno sa kanilang hukbo?
4 Bakit hindi pa sila humaharap sa akin tulad ng
lahat ng taga-Kanluran?"

5 Sinabi sa kanya ni Ahior na kumander ng
mga Amonita: "Pakinggan sana ng aking Pangi-
noon ang sasabihin ng iyong lingkod tungkol sa
mga taong itong nakatira sa kabundukang ma-
lapit sa inyo. 6 Ang mga taong ito ay mula sa lipi
ng Kaldea. 7 Minsa'y nanirahan sila sa Mesopo-
tamia, sapagkat ayaw na nilang sambahin pa
ang mga diyus-diyusan ng kanilang mga ninu-
nong nanirahan sa Kaldea. 8 Tinalikuran nila ang
relihiyon ng kanilang mga ninuno at sinamba
nila ang Diyos ng Langit, ang Diyos na kanilang
kinilala. Kaya pinalayas sila mula sa harapan ng
kanilang mga diyus-diyusan at nagtungo sila sa
Mesopotamia at doon matagal na nanirahan.
9 Subalit sinabi ng kanilang Diyos na umalis sila
sa kanilang tahanan at magpunta sa lupain ng
Kanaan. Nagpunta nga sila roon upang manira-
han at nakalikom ng ginto't pilak at maraming
baka.

10 Nagkaroon ng taggutom sa buong lupain
ng Kanaan, kaya lumusong sila sa Ehipto at
nanatili roon hanggang may pagkain. Doon sila
dumami nang labis-labis at hindi na mabilang
ang kanilang lipi. 11 Ngunit kinalaban sila ng hari
ng Ehipto, nilinlang at pinilit gumawa ng mga
tisa, hinamak at ginawang mga alipin. 12 Tuma-
wag sila sa kanilang Diyos at pinarusahan nito
ang buong Ehipto sa pamamagitan ng salot na
walang lunas, kayat pinalayas sila ng mga
Ehipsiyo. 13 Tinuyo ng Diyos ang Dagat na Pula
sa kanilang harapan 14 at ginabayan sila sa
kahabaan ng Sinai at Kades Barnea. Itinaboy
nila ang lahat ng tagadisyerto; 15 nanirahan sila
sa lupain ng mga Amorreo at nilipol nila ang
mga Hesbonita. Nang makatawid na sila sa
Jordan, sinakop nila ang buong kabundukan,
16 at itinaboy ang mga Kananeo, Pereseo, Je-
buseo, Sikemita at Guirhaseo, at doon sila na-
nirahan nang mahabang panahon.

17 Nanagana sila habang hindi sila nag-
kakasala sa Diyos, sapagkat kapiling nila ang
Diyos na namumuhi sa kasamaan. 18 Ngunit
nang lumihis sila sa landas na itinakda ng Diyos
sa kanila, nalipol ang ilan sa kanila sa maraming
pakikilaban, at dinala silang bihag sa isang
bansang banyaga. Lubusang winasak ng mga
kaaway ang templo ng kanilang Diyos at si-
nakop ang kanilang lunsod. 19 Subalit ngayong
magbalik-loob sila sa kanilang Diyos, nakabalik
sila mula sa pagkakatapon sa iba't ibang pook
na pinagkalatan sa kanila. Nabawi nila ang
Jerusalem na kinaroroonan ng kanilang san-
tuwaryo at nanirahan sila sa rehiyon ng kabun-
dukan na naiwang nakatiwangwang. 20 Kaya
nga, makapangyarihang panginoon, kaila-
ngang matuklasan namin kung may ginawang
masama ang mga taong ito. 21 Kung nagkaka-
sala sila sa kanilang Diyos, aahon tayo at sasa-
lakayin natin sila. Ngunit kung walang pagka-
kasala sa kanilang bansa, aking panginoon,
layuan mo na sila at baka ipagtanggol sila ng
kanilang Panginoon at Diyos at masaksihan ng
buong daigdig ang ating pagbagsak."

22 Pagkatapos magsalita ni Ahior, tumutol
ang mga taong nagkakalipumpon sa paligid ng
tolda. Gusto na siyang gulpihin ng mga pinuno
ni Holopernes at lahat ng naninirahan sa tabing-
dagat at Moab. At sinabi nila: 23 "Hindi kami
natatakot sa mga anak ng Israel. Mahina sila at
hindi handang lumaban nang matagalan.
24 Halikayo, panginoong Holopernes, at parang
tinapay lamang silang lululunin ng iyong
hukbo!"

**6** 1 Nang humupa ang pagkakagulo ng
pulutong na nakapaligid sa tolda, sa hara-
pan ng lahat ng dayuhan at lahat ng taga-Moab
ay pinagsabihan si Ahior ni Holopernes na
punong-heneral sa hukbo ng Asiria: 2 "Sino ka at
ang iyong mga Amonitang mandirigma upang
magpahayag ng laban sa amin, tulad ng iyong
ginawa sa araw na ito? Bakit ninyo kami pina-
payuhang huwag makidigma laban sa lahi ng
Israel? Sinabi mo na ipagsasanggalang sila ng
kanilang Diyos. Sino ang Diyos kung hindi si
Nabucodonosor? Palulusubin niya ang kanyang
hukbo at lilipulin sila sa balat ng lupa at hindi sila
maililigtas ng kanilang Diyos. 3 Ngunit kami ng
mga lingkod niya – dudurugin namin silang
parang isang tao lamang. Hindi nila mala-
labanan ang paglusob ng aming mga manga-
ngabayo. 4 Susunugin namin silang lahat. Ma-
bababad sa kanilang dugo ang kanilang mga

bundok, magiging mistulang libingan ang ka-
nilang mga kapatagan. Hindi nila kami ma-
pipigil. Tiyak silang malilipol, salita ni Haring
Nabucodonosor na panginoon ng buong daig-
dig. Ipinahayag niya iyon at ang kanyang sinabi
ay hindi mauuwi sa wala.
[5] Ngunit ikaw, Ahior na isang mersenaryong
Amonita na nagsaad ng mga salitang ito na
ikinapahiya mo, hindi mo na makikita ang aking
mukha mula ngayon hanggang maipaghiganti
ko ang aking sarili sa lahing ito na nagmula sa
Ehipto. [6] At ang tabak ng aking mga kawal at
ang sibat ng aking mga pinuno ang tutusok sa
iyong tagiliran. Makakasama ang iyong bang-
kay ng lahat ng patay ng Israel pagbalik ko mula
sa pakikipaglaban. [7] Ngayo'y dadalhin ka ng
aking mga lingkod sa kabundukan at doon ka
iiwan sa isa sa mga bayan sa dalisdis, [8] upang
makibahagi ka sa magiging kapalaran nila.
[9] Ngunit kung naniniwala kang hindi sila ma-
tatalo, huwag kang gaanong malungkot. Ako
ang nagsalita at matutupad lahat ang aking
sinabi."
[10] Iniutos ni Holopernes sa kanyang mga
tanod na nakatindig sa tolda na dakpin si Ahior,
dalhin ito sa Betulia at ipaubaya sa mga Israelita.
[11] Dinakip nga ng mga tauhan si Ahior at pina-
labas sa kampo patungo sa kapatagan. Mula
roon, lumakad sila patungo sa kabundukan at
tumigil sa bukal na nasa paanan ng Betulia.
[12] Nang makita ng kalalakihan ng bayan na
patungo sila sa tuktok ng bundok, kumuha ang
mga iyon ng sandata, lumabas sa bayan at
nagpunta sa tuktok ng bundok. Tinangka ng
mga maninirador na hadlangan sa pag-ahon
ang mga kaaway. [13] Nangubli ang mga tanod;
tinalian si Ahior at iniwang nakahiga sa lupa sa
paanan ng bundok. Nagbalik sila sa kanilang
panginoon.
[14] Nagsibaba mula sa bayan ang mga Is-
raelita, nilapitan si Ahior, at matapos kalagan ay
dinala sa Betulia. Iniharap nila siya sa mga
maykapangyarihan ng bayan [15] na nang pana-
hong iyon ay si Ozias na anak ni Mikeas ng lipi
ni Simeon, si Jabring anak ni Gotoniel at si
Jarming anak ni Melkiel. [16] Tumawag sila ng
pulong ng lahat ng matatanda ng bayan, at
sumama na rin ang mga kabinataan at kadala-
gahan sa kapulungan. Inilagay nila si Ahior sa
gitna ng kapulungan at tinanong ito kung ano
ang nangyari. [17] Bilang sagot, sinabi ni Ahior ang
tungkol sa pulong ni Holopernes at ang kanya
mismong sinabi sa harap ng mga pinuno ng
Asiria. Sinabi rin niya ang mga nagbabantang
salita ni Holopernes laban sa Israel.
[18] Nagpatirapa ang mga tao sa lupa, sumam-
ba sa Diyos at tumawag sa kanya: [19] "Pangi-
noong Diyos ng Kalangitan, masdan mo ang
kapalaluan ng mga Asirio at kahabagan ang
iyong bayang nasadlak sa kahihiyan. Ipakita mo
ang iyong mukha sa mga nakatalaga sa iyo sa
araw na ito." [20] Pinalakas nila ang loob ni Ahior
at malugod na binati.
[21] Sinamahan siya ni Ozias mula sa kapulu-
ngan hanggang sa bahay nito at pinakain pati
ang mga matatanda. Magdamag silang humingi
ng tulong sa Diyos ng Israel.

**7** [1] Kinabukasan, nag-utos si Holopernes sa
kanyang buong hukbo at sa mga taong
sumanib sa kanya na magkampo malapit sa
Betulia, okupahin ang mga dalisdis ng bundok
at digmain ang mga Israelita. [2] Lumakad nang
araw ding iyon ang kanyang matatapang na
kawal; umaabot sa sandaa't pitumpung libo ang
mga lakad na kawal, labindalawang libo ang
mangangabayo, hindi pa kabilang ang mga
bagahe at ang mga taong nagbabantay sa mga
iyon, gayundin ang pulutong ng mga taong
sumama – na isang malaking pangkat. [3] Nag-
kampo sila sa lambak na malapit sa Betulia, sa
tabi ng bukal; kumalat sila sa kalaparan ng
Dotan hanggang Belbain, at sa kahabaan ng
Betulia hanggang Kiamon na katapat ng Esdre-
lon.
[4] Nang makita ng mga Israelita kung gaano
karami ang mga kaaway, nasindak sila at sinabi
nila sa isa't isa: "Walang alinlangang lalamunin
ng pangkat na ito ang buong bansa; hindi sila
maaaring pigilin sa kanilang pagsalakay ma-
ging ng matataas na bundok o ng mga burol o
ng mga bangin." [5] Gayunman, dinampot ng ba-
wat isa ang kanyang sandata; nagparikit ng
apoy sa ibabaw ng mga tore at nagbantay sa
buong magdamag.
[6] Sa ikalawang araw, pinahanay ni Holoper-
nes ang lahat ng kanyang mangangabayo sa
harapan ng mga Israelita sa Betulia. [7] Minat-
yagan niya ang mga lagusan patungo sa bayan,
tinuklas ang pinanggagalingan ng tubig, si-
nakop ang mga iyon at pinabantayan, at saka
nagbalik sa kanyang hukbo. [8] Lumapit kay Ho-
lopernes ang mga pinuno ng mga Edomita, ang
mga kumander ng mga Moabita at ang mga
heneral ng tabing-dagat at sinabi sa kanya:
[9] "Pakinggan sana kami ng aming panginoon, at
hindi magtatamo ng kahit isang sugat ang iyong
hukbo. [10] Mas pinagtitiwalaan ng mga Israelita
ang kataasan ng kabundukang tinitirhan nila
kaysa kanilang mga sibat, sapagkat hindi ma-
daling marating ang tuktok ng kanilang mga
kabundukan. [11] Panginoon, kung nais mong

iligtas ang buhay ng iyong mga kawal, huwag
kang makipaglaban sa kanila. 12 Manatili ka sa
iyong kampo at ingatan ang lahat ng kawal ng
iyong hukbo, ngunit ookupahin ng iyong ling-
kod ang bukal na dumadaloy sa paanan ng
bundok, 13 sapagkat doon kumukuha ng tubig
ang lahat ng taga-Betulia. Mamamatay sila sa
uhaw, kaya ipagkakaloob na nila ang kanilang
bayan. Aakyat kami at ang aming mga tauhan
sa tuktok ng mga karatig na bundok at magta-
tayo ng himpilan upang hadlangan ang sinuman
sa pag-alis sa bayan. 14 Manghihina sila sa gu-
tom at malulugmok sa mga liwasan bago pa
gamitan ng tabak. 15 Kayat maparurusahan mo
na silang lubos sa kanilang paghihimagsik, at
di-pagharap sa iyo nang mapayapa."

16 Nakalugod kay Holopernes at sa lahat ng
kanyang pinuno ang payong ito, at sumang-
ayon siyang gawin ang sinabi nila. 17 Lumakad
ang mga Moabita, kasama ang limang libong
taga-Asiria; nagkampo sila sa lambak at pinutol
nila ang daloy ng tubig sa mga Israelita mula sa
mga bukal. 18 Umahon ang mga Edomita at
Amonita at nagkampo sa kabundukan, malapit
sa Dotan; pinapunta nila ang iba nilang mga
tauhan sa katimugan at sa silangan sa tapat
ng Egrebel, malapit sa Hus, sa itaas ng ilog ng
Mohmur. Ang iba pang mga kawal ng hukbo ng
Asiria ay nagkampo sa kapatagan, saklaw ang
buong lupain. Isang napakalaking kampo ang
binuo ng kanilang mga tolda at kagamitan
sapagkat napakarami nila.

**Ang kawalang-pag-asa ng mga tao**

• 19 Ang mga Israelita ay nasisiraan ng
loob na tumawag sa Panginoong kanilang
Diyos, sapagkat napaliligiran na sila ng
mga kaaway at nahadlangan na ang lahat
ng lagusan sa pagtakas. 20 Tatlumpu't
apat na araw silang napaligiran ng buong
hukbong Asirio, ng mga lakad na kawal,
ng mga karwahe at mangangabayo.
21 Nawawalan na ng tubig ang mga taga-
Betulia. Natutuyo na ang mga balon, kaya
kinailangang irasyon ang tubig. 22 Nang-
hina sa uhaw ang mga bata, babae at
kabataan at nabuwal sila sa mga lansa-
ngan at liwasan ng bayan. 23 Nagtipun-
tipon ang lahat – lalaki, babae, kabataan
at mga bata – at pinaratangan si Ozias at
ang mga pinuno ng bayan.

Sumigaw sila at sinabi sa harapan ng
lahat ng matatanda: 24 "Hatulan nawa tayo
ng Diyos, kayo at kami. Kayo ang may
kagagawan ng kasawiampalad na ito
sapagkat hindi kayo nakipagkasundo sa
mga Asirio. 25 At ngayo'y wala nang maa-
aring tumulong sa amin. Ibinigay na kami
ng Diyos sa mga kamay ng mga pagano
kayat nakaratay kami ngayon at naghihi-
ngalo dahil sa uhaw at hirap. 26 Tawagin
na ninyo ngayon din ang mga Asirio at
bayaang samsaman kami ng buong
hukbo ni Holopernes. 27 Mas mabuti pang
maging alipin nila kami ngunit buhay,
kaysa makita naming mamatay ang
aming asawa't mga anak. 28 Sa ngalan ng
langit at lupa at ng aming Diyos, ang
Panginoon ng aming mga ninuno na nag-
paparusa sa amin batay sa aming mga
kasalanan at sa kasalanan ng aming mga
ninuno: gawin na ninyo ito ngayong araw
ding ito."

29 Magkakasama silang nanaghoy sa
gitna ng kapulungan at tumawag nang
malakas sa Panginoong Diyos.

30 At sinabi sa kanila ni Ozias: "Lakasan

---

• **7.**19 Kapag ang kasamaan, ang mga kamalasan lamang ang sinimulang tingnan ng isang pamayanan, nawawalan ito ng pananalig sa kinabukasan at nalilimutang may magagawa pala sila para makaahon sa kanilang kalagayan.

*Ibinigay na kami ng Diyos sa mga kamay ng mga pagano.* Bago pa man mangyari; ipinahayag na ng mga taga-Betulia ang kanilang pagkatalo sapagkat ang makataong bahagi lamang ng sitwasyon ang kanilang nakita, ang bahaging di-kalugud-lugod, at hindi nila inalaala ang pangako ng Diyos na kanilang pinanghahawakan (Lev 26 at Dt 28). Nanalangin sila at nagpenitensiya, ngunit sa kabila ng lahat ng ito, bingi pa rin ang Diyos sa kanilang mga pagsamo. Kaya maliwanag na *"Wala na tayong ligtas."*

Sariling pangangailangan lamang ang nakikita ng mga nanghihina ang loob, at hindi nila sinusukat ang ibubunga ng kanilang ginagawa. Hindi nila naiisip na pagtatakwil sa Diyos ang pagsuko kay Holopernes para kilalaning diyos si Nabucodonosor. Ang tanging naiisip nila'y mas mabuting mabuhay bilang alipin kaysa mamatay.

"Wala akong napapala sa paghingi; hindi ako pakikinggan ng Diyos." Halos palagi nating naririnig ang pangungusap na ito. Sila ang mga nasisiraan ng loob tulad ng mga taga-Betulia. Nakakahawa ang panghihinang ito ng loob lalo na kung galing ito sa ama ng tahanan.

ninyo ang inyong loob, mga kapatid;
maghintay pa tayo ng limang araw, at
ipakikita sa atin ng Panginoong ating
Diyos ang kanyang habag sapagkat hindi
naman niya tayo pababayaan sa habang
panahon. 31 Kapag nakalipas ang taning
na ito at wala pa ring dumating na tulong,
gagawin na namin ang sinasabi ninyo."
32 At pinauwi na niya ang mga taong-
bayan sa kani-kanilang lugar. Nagpunta
ang kalalakihan sa mga tanggulan at tore
ng bayan, at umuwi naman sa kani-
kanilang tahanan ang mga kababaihan at
bata. Samantala, namayani sa buong
bayan ang matinding kalungkutan.

8 1 Nabalitaan ang mga ito ni Judit, na anak ni
Merari. (Ang mga ninuno ni Merari ay sina
Idox, Jose, Oziel, Elkias, Ananias, Gideon,
Rafaim, Ahitob, Elias, Hilkias, Eliab, Natanias,
Salatiel at Sarasadai na anak ni Israel.) 2 Naging
asawa niya si Manases, mula sa iisang tribu at
angkan, ngunit namatay ito sa panahon ng pag-
aani ng sebada, 3 samantalang nangangasiwa sa
pagtatali ng mga tungkos ng ani sa bukirin.
Nagkasakit si Manases dahil sa pagkabilad sa
araw; at namatay sa Betulia na kanyang bayan.
Inilibing siya sa piling ng kanyang mga ninuno
sa bukiring nasa pagitan ng Dotan at Balamon.

**Judit: ang Judiong hindi natinag sa pananampalataya**

• 4 Bilang biyuda, nanatili si Judit sa
bahay nang tatlong taon at apat na bu-
wan. 5 Nagpagawa siya ng isang silid sa
terasang bubungan ng bahay. 6 Nag-suot
siya ng sako at nagdamit ng kasuotan ng
balo at nag-ayuno sa buong panahon ng
kanyang pagkabalo, maliban sa mga bis-
peras ng Araw ng Pahinga, sa mismong
Araw ng Pahinga, sa bisperas at araw ng
bagong buwan at sa lahat ng pagdiriwang
ng bayan ng Israel. 7 Napakaganda niya at
kalugud-lugod na masdan. Nag-iwan sa
kanya ang kanyang asawang si Manases
ng ginto, pilak, utusan, baka at bukirin, at
nanatili siyang may-ari ng lahat ng ari-
ariang ito. 8 Walang masabi ang sinuman
laban sa kanya sapagkat gayon na la-
mang ang pitagan niya sa Diyos.

9 Nabalitaan niya ang mga pagba-ban-
ta ng mga taong-bayan sa kanilang mga
pinuno sapagkat nasiraan na sila ng loob
dahil sa kakulangan ng tubig. Nabalitaan
din ni Judit ang lahat ng ipinangako ni
Ozias, at kung paano ito nanumpa na
ipagkaloob ang kanilang bayan sa mga
taga-Asiria pagkatapos ng limang araw.
10 Kayat ipinatawag niya sa babaeng taga-
pangasiwa niya sina Habri at Harmi, na
dalawang matatanda ng bayan. 11 Nag-
punta naman ang mga ito sa kanyang
bahay at sinabi niya: "Makinig kayo, mga
matatanda ng Betulia: hindi tama ang
mga salitang binigkas ninyo ngayon sa
mga taong-bayan. Nagkamali kayo sa
pagsumpa sa Diyos at sa pagsasabing
ipagkakaloob ninyo sa mga kaaway ang
ating bayan kapag hindi nagbigay ng
tulong ang Panginoon makaraan ang
ilang araw. 12 Sino ba kayo upang subukin
ang Diyos at mangibabaw sa kanya?
13 Hindi ito ang paraan ng paghingi ng
kanyang awa kundi pagpukaw ng kan-
yang galit. 14 Kung hindi ninyo maarok
ang kalooban ng tao o mabatid kung ano

---

• **8.4** Isinasakatuparan ni Yawe ang kanyang mga plano sa pamamagitan ng mga hamak. Sa mga hamak na maliliit niya ibinubunyag ang kanyang mga misteryo (Mt 11:25-30). Paulit-ulit nating makikita sa Biblia ang ganitong paraan ng pagkilos ni Yawe. Halimbawa'y ang pagpili kay David (1 S 16), ganito rin ang lumilitaw sa 1 Macabeo 3:18-22. Sa kabila ng kanyang kayamanan, bale-wala pa rin ang babaeng si Judit sa harap ng lakas-militar ni Holopernes.

*"Sino ba kayo upang subukin ang Diyos?"* Nangingibabaw sa talumpati ni Judit sa mga pinuno ng siyudad ang pagiging tapat sa Diyos. Pinagsabihan niya ang mga ito dahil sa pagnanais nilang bigyan ng taning ang Diyos para isakatuparan ang kanilang mga personal na plano. Sa ngayon, ganito rin ang ginagawa ng maraming Kristiyano sa kanilang mga pangako sa Diyos kapag gusto nilang pilitin ang Diyos na gawin ang kanilang hinihingi:

*"Kung masasakop tayo, masasakop na rin ang buong Judea."* Hindi lamang sariling kapakanan ang dapat isipin ng taong may problema, kundi pati ang kapakanan ng iba. Ipinaisip sa kanila ni Judit ang buong bansa at hindi lamang ang siyudad ng Betulia. Ang pambansang pagkakaisa ang nagbubunsod sa kanilang lumaban.

ang iniisip nito, paano ninyo maarok ang
Diyos na lumikha ng lahat ng bagay at
mauunawaan ang kanyang balak? Hindi,
mga kapatid ko, huwag ninyong galitin
ang Panginoong ating Diyos. 15 Sapagkat
kung hindi niya tayo gustong tulungan sa
loob ng limang araw, may kapangyari-
han siyang pangalagaan tayo sa anu-
mang araw na naisin niya, o kaya naman
ay lipulin tayo sa harapan ng ating mga
kaaway.

16 Subalit huwag ninyong hahamunin
ang mga plano ng Panginoong ating Di-
yos, sapagkat hindi sumusuko sa mga
banta ang Diyos, di tulad ng karaniwang
tao, at hindi rin maaaring igiit sa kanya
ang isang pasya na gaya ng nagagawa sa
mga anak ng tao. 17 Kaya humingi tayo ng
tulong sa kanya samantalang matiyaga
tayong naghihintay sa kanyang paglilig-
tas. Pakikinggan niya ang ating pakiusap,
kung magiging kalugud-lugod sa kanya.
18 Sapagkat hindi pa nangyayari sa ating
panahon na sumamba ang isa sa ating
tribu o angkan, bayan o lunsod, sa mga
diyus-diyusang likha ng mga kamay ng
tao, tulad sa nangyari sa nakalipas na
panahon. 19 Iyon ang dahilan kung bakit
ipinagkaloob sa kaaway ang ating mga
ninuno upang patayin ng tabak at pag-
nakawan, at nagdanas sila ng matinding
kasawian sa kamay ng kanilang mga ka-
away. 20 Ngunit tayo'y walang kinikilalang
ibang diyos maliban sa kanya, kaya ma-
kaaasa tayong hindi magiging masama
ang kanyang pagtingin sa atin o tatalikod
siya sa ating lahi.

21 Sapagkat kung masasakop tayo ng
mga kaaway, masasakop na rin ang
buong Judea; pagnanakawan ang ating
Santuwaryo at babayaran natin ng dugo
ang gayong kalapastanganan. 22 Panana-
gutan natin sa Diyos ang pagkapatay sa
ating mga kapatid, ang pagkasakop sa
ating bayan at ang pagkawasak sa ating
pamana. Babagsak sa atin ang parusa sa
pamamagitan ng mga bansang mang-
aalipin at magmamalupit sa atin. 23 Hindi
mapapalitan ang ating pagkaalipin ng
mas magandang kapalaran; sa halip,
loloobin ng Panginoong ating Diyos na
iyon ay maging kahihiyan natin. 24 Kaya
ngayon, aking mga kapatid, magsapa-
nganib tayo alang-alang sa ating mga
kababayan, sapagkat nakasalalay sa atin
ang kanilang buhay; pati na ang kalig-
tasan ng Santuwaryo, ng Templo at ng
Altar.

25 At higit sa rito, magpasalamat tayo
sa ating Panginoong Diyos, na sumu-
subok sa atin, tulad ng ginawa niya sa
ating mga ninuno. 26 Alalahanin ninyo ang
ginawa niya kay Abraham, at ang lahat ng
pagsubok na iniharap niya kay Isaac at
ang lahat ng nangyari kay Jacob sa Me-
sopotamia ng Siria noong alagaan niya
ang mga tupa ni Laban na kapatid ng
kanyang ina. 27 Hindi ba pinadaraan tayo
ng Diyos sa apoy, tulad ng ginawa niya sa
iba, upang patunayan ang kabutihan ng
ating puso? Hindi tayo pinarurusahan ng
Panginoon, ngunit pinapalo niya ang mga
malapit sa kanya upang matuto."

28 Sinabi sa kanya ni Ozias: "May taglay na
karunungan ang lahat ng sinabi mo at wala
sinumang makasasalungat sa mga iyon. 29 Ba-
gamat hindi lamang ngayon napatunayan ang
iyong katalinuhan, kundi noon pa man ay ki-
nilala na ng buong bayan ang iyong katalinuhan
at ang likas na kabutihan ng iyong puso.
30 Ngunit nagdaranas ng matinding uhaw ang
mga tao at napilit nila kaming tuparin ang aming
sinabi. Pinasumpa kami at hindi na iyon maaa-
ring sirain. 31 Banal kang babae, kaya ipana-
langin mong padalhan tayo ng Panginoon ng
ulan at nang malamnan ang aming tinggalan at
nang hindi na kami manghina."

32 Sinabi sa kanila ni Judit: "Makinig kayo sa
akin. May gagawin ako na magpapasalin-salin
sa mga labi ng mga bata ng bawat salinlahi ng
ating lipi. 33 Mamayang gabi, tumayo kayo sa
pintuan ng bayan at lalabas ako, na kasama ang
aking utusang babae; bago matapos ang taning
na itinakda ninyo para ibigay ang bayan sa ating
mga kaaway, dadalawin ng Panginoon ang Is-
rael sa pamamagitan ng aking kamay. 34 Ngunit
huwag ninyong piliting malaman kung ano ang

aking gagawin sapagkat hindi ko sasabihin sa
inyo hangga't hindi ko pa ito naisasagawa."
35 Sinabi sa kanya ni Ozias at ng mga pinuno:
"Humayo ka sa gitna ng kapayapaan at nawa'y
manguna sa iyo ang ating Panginoong Diyos
upang makapaghiganti ka sa ating mga kaa-
way." 36 At nilisan nila ang silid ni Judit at bu-
malik na sila sa kanilang kinalalagyan.

9 1 Lumuhod si Judit at nagpatirapa sa lupa;
nilagyan niya ng abo ang kanyang ulo at
inilantad ang sakong suot. Sa takdang sanda-
ling iniaalay ang kamanyang para sa gabi sa
Bahay ng Diyos sa Jerusalem, tumawag si Judit
sa Panginoon, at sinabi niya: 2 "Panginoong Di-
yos ng aking ninunong si Simeon, inilagay mo sa
kanyang kamay ang isang tabak upang paru-
sahan ang mga dayuhang lumapastangan sa
isang dalaga. Sapagkat ginahasa siya, ibinilad
ang kanyang katawan sa kahihiyan at nilapas-
tangan ang kanyang puri. Ginawa iyon sa kanya
bagamat sinabi mo: Huwag gagawin ito. 3 Dahil
dito, ipinapatay mo ang kanilang pinuno, at ang
higaan ng mga iyon na pinapula ng kataksilan
ay naiwang pula sa kanilang dugo. Pinatay mo
ang mga alipin, kasama ang kanilang mga amo
at ang mga amo kasama ang mga utusan.
4 Ipinagahasa mo ang kanilang kababaihan, gi-
nawang alipin ang kanilang mga anak na babae
at binahagi ang lahat nilang ari-arian sa mga
minamahal mong anak na inangking parang
kanila ang iyong kagustuhan na kinasuklaman
ang pagdungis ng kanilang dugo at hiningi ang
iyong tulong.
5 Diyos, aking Diyos, pakinggan mo ako na
isang balo! Ikaw ang lumikha ng lahat ng nag-
daang bagay, ng nasa kasalukuyan at kung ano
pa ang darating. Ikaw ang umisip ng kasalu-
kuyan at ng hinaharap. At ang gusto mo lamang
ang siyang nangyayari. 6 Sapagkat dumating na
ang mga pangyayaring niloloob mo, at sinasabi:
"Narito na kami!" Sapagkat nakahanda na ang
iyong mga daan at sa pagpapapasya mo ay
alam mo na ang mangyayari.
7 Tingnan mo ang kapal ng hukbong Asirio,
kung paano nila ipagmalaki ang kanilang mga
kabayo at mangangabayo. Ipinagyayabang nila
ang lakas ng kanilang mga lakad na kawal at
may tiwala sila sa kanilang mga kalasag, sibat at
pana. 8 Ngunit hindi nila kinikilala na ikaw,
Panginoon, ang nagpapasiya sa hantungan ng
mga digmaan. Panginoon ang iyong pangalan;
lipulin ng iyong kapangyarihan ang kanilang
lakas; at igupo ng iyong poot ang kanilang
kahusayan; sapagkat binabalak nilang lapasta-
nganin ang iyong Santuwaryo, dungisan ang
Toldang pinaninirahan ng iyong maluwalhating
Pangalan at wasakin ng bakal ang mga sungay
ng iyong Altar.
9 Pagmasdan mo ang kanilang kayabangan,
ibagsak mo sa kanilang ulo ang iyong poot, at
ipagkaloob mo sa mga kamay ng biyudang ito
ang lakas na kailangan. 10 Sa pamamagitan ng
tuso kong mga labi ay parusahan mo ang alipin
kasama ang kanyang amo, at ang panginoon,
kasama ang kanyang alila; wakasan mo ang
kanilang kapalaluan sa pamamagitan ng ka-
may ng isang babae.
11 Wala sa dami ang iyong lakas o sa mala-
lakas ang iyong kapangyarihan, sapagkat ikaw
ang Diyos ng mababang-loob, ang tagapag-
tanggol ng maliliit, ang suhay ng mahina, ang
tagapag-alaga ng pinabayaan, ang tagapaglig-
tas ng walang pag-asa.
12 O Diyos ng aking mga ninuno at Diyos ng
pamana ng Israel, Hari ng langit at lupa, Lu-
mikha ng dagat, Hari ng lahat ng nilikha, pa-
kinggan mo ang aking panalangin.
13 Bigyan mo ako ng nakatutuksong mga
salita na susugat at papatay sa mga nagbalak ng
masama laban sa iyong Tipan, sa Bahay mong
banal, sa Bundok ng Sion at sa Bahay na pag-
aari ng iyong mga anak.
14 Ipakita mo sa bansa at lahat ng tribu na
ikaw ang Diyos na makapangyarihan sa lahat at
malakas, at bukod sa iyo, ay wala nang iba pang
tagapagtanggol ang bayan ng Israel."

**Ang kabayanihan ni Judit**

10 1 Pagkapanalangin ni Judit sa Diyos ng
Israel, 2 tumindig siya at tinawag ang
kanyang utusang babae, at nagpunta sila sa
bahay na karaniwan niyang pinagpapalipasan
ng mga araw ng pamamahinga at kapistahan.
3 Hinubad niya ang sako at ang damit na pam-
biyudang suot niya. Naligo siya, nagpabango,
nagsuklay at naglagay ng mga palamuting hi-
yas sa buhok. Nagsuot siya ng magandang
damit na kinaugalian niyang gamitin noong
nabubuhay pa ang kanyang asawang si Mana-
ses. 4 Sinuutan niya ng sandalyas ang kanyang
mga paa, isinuot ang pulseras na pambukung-
bukong, pulseras na pambisig at sinsing, ang
kanyang hikaw at lahat ng kanyang alahas.
Pinaganda niyang mabuti ang kanyang sarili
upang maakit ang mga lalaking makakakita sa
kanya.
5 Ibinigay niya sa utusan ang sisidlan ng alak
at bote ng langis, pinuno niya ang isang supot ng
arinang sebada at ilang maliliit na bibingkang
pinong arina at tinuyong igos. Binalot niya ang
lahat ng ito at ipinagbilin sa utusan na ingatan

iyon. 6 At lumakad na sila, patungo sa pintuan ng
bayan ng Betulia at doon ay natagpuan niyang
nagbabantay si Ozias at ang mga matatanda ng
bayan, sina Habri at Harmi.
7 Nang makita nila siyang nabago na ang
mukha at naiba ang kasuutan, napuno sila ng
paghanga sa kanyang kagandahan at sinabi sa
kanya: 8 "Biyayaan ka nawa ng Diyos ng ating
mga ninuno at maging matagumpay nawa ang
anumang gagawin mo para sa kaluwalhatian ng
mga anak ng Israel at sa kadakilaan ng Jerusa-
lem."
Sumamba siya sa Diyos at sinabi niya sa
kanila: 9 "Pabuksan ninyo ang pintuan ng bayan
para sa akin at aalis na ako upang gawin ang
kasasabi pa lamang ninyo." Pinabuksan nga
nila sa mga binata ang pintuan, tulad sa kan-
yang hiningi. 10 Tumalima sila sa utos at luma-
bas si Judit, kasama ang utusang babae.
Pinagmasdan siya ng mga taong-bayan
hanggang sumapit siya sa paanan ng bundok at
tumawid sa lambak at mawala sa kanilang pani-
ngin. 11 Binagtas ng dalawa ang lambak at sina-
lubong sila ng isang tanod ng mga Asirio. 12 Pi-
nigil sila ng tanod at sinabi: "Sino kayo? Taga-
saan kayo? Saan kayo pupunta?" Sumagot si
Judit: "Anak ako ng Ebreo; tumatakas ako sa
kanila sapagkat malapit na ninyo silang lamu-
nin. 13 Naparito ako upang humarap kay Holo-
pernes, ang punong-heneral ng inyong hukbo,
upang kausapin siyang buong-tapat. Ituturo ko
sa kanya ang paraan upang makasalakay siya
at maging panginoon ng buong kabundukan
nang hindi malalagasan ng isa mang kawal
bunga man ng kapinsalaan o kamatayan."
14 Pagkarinig ng mga lalaki sa kanyang sinabi
at pagkakita sa kanyang pambihirang kagan-
dahan, sinabi ng mga ito sa kanya: 15 "Nailigtas
mo ang iyong buhay sa pagparito mo upang
humarap sa aming panginoon. Lumapit ka sa
kanyang tolda; ilang kasamahan naming lalaki
ang sasama sa iyo sa kanya. 16 Pag kaharap mo
na siya, huwag kang matakot, sabihin mo sa
kanya ang sinabi mo sa amin at pakikitunguhan
ka niya nang mabuti."
17 Sandaang tauhan ang pinili; sinamahan ng
mga lalaking ito si Judit at ang utusan sa tolda
ni Holopernes. 18 Kumalat sa bawat tolda sa
buong kampo ang balita ng kanyang pagda-
ting, at nagdagsaan ang kalalakihan sa buong
kampo. Pinaligiran siya ng kalalakihan saman-
talang naghihintay siya sa labas ng tolda ni
Holopernes, at ibinalita naman dito ng isang
kawal ang kanyang pagdating. 19 Nabighani ng
kanyang kagandahan ang mga lalaki, at pag-
kakita sa kanya, pinuri ng mga ito ang mga anak
ng Israel at sinabi sa isa't isa: "Sino ang haha-
mak sa bayang may mga babaeng tulad nito?
Isang kamalian ang iwang buhay kahit isang
lalaki lamang; malilinlang nila ang buong daig-
dig."
20 Lumabas ang mga tanod at lahat ng opisyal
ni Holopernes at sinamahan siya sa tolda.
21 Nagpapahinga si Holopernes sa kanyang ka-
mang may kurtinang kulay-ube at ginto at na-
papalamutihan ng esmeralda at mamahaling
batong-hiyas. 22 Sinabihan siyang naroon si Ju-
dit kayat lumakad siya palapit sa pasukan ng
tolda, at sa kanyang unahan ay may mga ila-
wang pilak. 23 Nang humarap si Judit sa kanya at
sa kanyang mga pinuno, humanga ang lahat sa
kagandahan ng mukha nito. Nagpatirapa si
Judit sa kanyang harapan at itinayo ito ng mga
utusan ni Holopernes.

**11** 1 Sinabi ni Holopernes kay Judit: "Babae,
lakasan mo ang loob mo, huwag kang
matakot. Hindi ako kailanman nanakit sa sinu-
mang gustong maglingkod kay Nabucodonosor
na hari ng buong daigdig. 2 Kung hindi ako
hinamak ng iyong mga kababayang nani-
nirahan sa kabundukan, hindi ko sana itinaas
ang aking tabak laban sa kanila; ngunit sila rin
ang may kagustuhan nito. 3 Ngayon, sabihin mo
sa akin kung bakit ka tumakas sa kanila at
naparito sa amin. Ginawa mo ba ito upang iligtas
ang iyong sarili? Huwag kang mag-alala, ligtas
ka ngayong gabi at sa darating pa. 4 Hindi ka
sasaktan ninuman, pakikitunguhan kang ma-
buti tulad ng ibang lingkod ng aking panginoong
si Haring Nabucodonosor."
5 Sumagot si Judit: "Pakinggan mo ang sa-
sabihin ng iyong lingkod, upang makapagsalita
akong malaya sa iyong harapan at hindi ako
magsisinungaling sa aking Panginoon sa gabing
ito. 6 At kung susundin mo ang payo ng iyong
lingkod, lahat ng bagay ay gagawin ng kamay
ng Diyos at hindi mabibigo sa kanyang gawain
ang aking Panginoon. 7 Mabuhay si Nabucodo-
nosor na hari ng buong daigdig na nagsugo sa
iyo upang iwasto ang lahat ng nabubuhay! Sa-
lamat sa iyong kapangyarihan at hindi lamang
tao ang naglilingkod sa kanya kundi pati na rin
ang mababangis na hayop, mga alagang hayop,
mga ibon sa papawirin na nabubuhay para kay
Nabucodonosor at sa kanyang buong samba-
hayan.
8 Nabalitaan na namin ang iyong karunungan
at kahinahunan, at alam ng buong daigdig na
ikaw ang pinakamagaling sa buong kaharian,
maraming karanasan at napakahusay maki-
digma. 9 Alam na rin namin ang itinalumpati ni

Ahior sa iyong konseho, sapagkat tinanggap siya ng mga taga-Betulia at sinabi na niya ang lahat ng sinabi niya sa iyo. 10 Ngayon, makapangyarihang panginoon, huwag mong ipagwalang-bahala ang kanyang sinabi, ngunit itanim iyon sa iyong isip sapagkat iyon ang totoo. Hindi kailanman maparurusahan ang aming bansa o magkakabisa ang tabak laban sa kanila kung hindi sila nagkasala sa kanilang Diyos. 11 Ngunit hindi mahahadlangan ni mabibigo ang aking panginoon. Daratnan sila ng kamatayan sapagkat nabulid na sila sa pagkakasalang nagpapasiklab sa poot ng Diyos tuwing gagawin nila iyon. 12 Dahil sa kakulangan ng pagkain at tubig, ipinasya nilang patayin ang kanilang mga hayop at kainin na ang mga bagay na ipinagbabawal ng Diyos sa kanyang mga kautusan. Kabilang dito ang mga unang bunga ng ani at ang ikapung bahagi ng alak at langis, na nakatalaga at nakalaan para sa mga paring naglilingkod sa harapan ng Diyos sa Jerusalem. 13 Ipinasya nilang ubusin ang mga bagay na ito, bagamat bawal sa karaniwang tao na hipuin man lamang iyon ng kanilang mga kamay. 14 Nagsugo sila ng mga kinatawan sa Jerusalem – sapagkat ginawa na rin ito ng mga nanirahan doon – upang kunin ang pahintulot ng Konseho ng Matatanda. 15 Kaya ito ang mangyayari: Kapag nakuha na ito at isinagawa, ibibigay na sila sa iyo ng Diyos para lipulin.

16 Nang malaman ko ang lahat ng ito, tinakasan ko na sila. Sinugo ako ng Diyos upang kasama kang gumawa ng mga kahanga-hangang bagay na sisindak sa buong daigdig. 17 Banal nga akong iyong lingkod, at pinaglilingkuran ko ang Diyos araw at gabi. Kayat kung mamarapatin mo, mananatili ako rito sa iyo. Pupunta ako sa lambak tuwing gabi at mananalangin ako sa Diyos na sabihin niya sa akin kung nabulid na sila sa pagkakasala. 18 At iuulat ko ito sa iyo, upang makasalakay ka at ang iyong buong hukbo at walang sinumang makalalaban sa iyo. 19 Sasamahan kita sa buong Judea hanggang sa pusod ng Jerusalem at doon kita ipagtatayo ng tolda. Pamumunuan mo silang tulad sa mga tupang walang pastol at walang asong aangil sa iyo. Ibinunyag ito sa akin upang ipabatid sa iyo."

20 Naging kalugud-lugod kay Holopernes at sa mga pinuno nito ang mga sinabi ni Judit. Humanga sila sa karunungan ni Judit at sinabi nila: 21 "Mula sa isang dulo ng daigdig hanggang sa kabila, walang babaeng kasingganda niya at kasintalino sa pananalita." 22 Sinabi sa kanya ni Holopernes: "Mabuti ang ginawang ito ng Diyos, na pinauna ka sa iyong bayan upang ang kapangyarihan ay mapasaatin, at ang pagkalupig sa mga humahamak sa aking panginoon. 23 Napakaganda mo at napakahinahon mong magsalita. Kapag ginawa mo ang iyong sinabi, ang iyong Diyos ang aking magiging Diyos, sa bahay ni Haring Nabucodonosor ka titira, at magiging tanyag ka sa buong daigdig."

**12** 1 Iniutos ni Holopernes na dalhin si Judit sa lugar na kinaroroonan ng kanyang mga kasangkapang pilak at dulutan ng pagkain mula sa kanyang sariling pagkain at ibigay ang kanyang sariling alak upang mainom. 2 Ngunit sinabi ni Judit: "Hindi ko iyan kakainin upang huwag akong magkasala. Sapat na itong aking dala." 3 Sinabi sa kanya ni Holopernes: "Kapag ubos na ang iyong dala, saan kami kukuha ng katulad niyon, sapagkat wala ritong mula sa iyong lipi?" 4 Sumagot si Judit: "Huwag kang mabahala sapagkat bago ko maubos itong aking dala ay naisagawa na ng Panginoon ang kanyang balak sa pamamagitan ng aking kamay."

5 Dinala siya ng mga pinuno sa kanyang tolda at natulog siya hanggang hatinggabi. Nagbangon siya nang mag-uumaga upang umalis at manalangin, sapagkat hiniling na niya kay Holopernes na 6 iutos sa mga tanod nito na payagan siyang umalis. 7 Iniutos naman ni Holopernes sa kanyang mga tanod na huwag pigilin si Judit.

Nanatili siya sa kampo nang tatlong araw. Nagpupunta siya tuwing gabi sa lambak ng Betulia at naliligo sa bukal na tinatanuran. 8 Pagbalik niya, nananalangin siya sa Panginoong Diyos ng Israel upang patnubayan ang kanyang mga hakbang sa wastong landas at nang mapaligaya niya ang kanyang buong bayan; 9 at kapag nalinis na ang sarili at nakabalik, nananatili siya sa tolda hanggang makapaghapunan.

### Sa tolda ni Holopernes

• 10 Sa ikapat na araw ay naghandog ng salu-salo si Holopernes para sa kanyang mga pansariling tauhan, at hindi pinaanyayahan ang iba. 11 Sinabi niya sa kanyang tagapangasiwang kapon na si Bagoas: "Lumakad ka at himukin mo ang Ebreang

---

• **12.**10 Sa mga pag-uusap nina Judit at Holopernes, pansinin kung paano sinasabi ni Judit ang "aking Panginoon" at binibigyan ang mga salitang ito ng dobleng kahulugan. Hindi siya nagsisinungaling kundi nagsasalita siya sa paraang napapagkamalan ni Holofernes na sa kanya sinasabi ang sa Panginoon sinasabi ni Judit.

nasa iyong pangangalaga na pumarito at
makisalo sa ating pagkain at pag-inom,
12 sapagkat kahiya-hiyang pakawalan ang
babaeng ito nang hindi pa kami nakaka-
pagtalik. Kapag hindi natin siya naakit,
pagtatawanan niya tayo."

13 Kayat nilisan ni Bagoas si Holoper-
nes at pumasok sa tolda ni Judit, at sinabi
rito: "Magandang dilag, hindi ka kaya tu-
mangging pumunta sa aking panginoon
upang parangalan sa kanyang harapan,
at masayang makipag-inuman sa amin at
tumulad sa mga babae sa Asiria na na-
ninirahan sa bahay ni Nabucodonosor?"
14 Sinabi naman ni Judit: "Sino ako upang
tanggihan ang nais ng aking Panginoon?
Gagawin ko agad ang lahat ng makasisiya
sa kanya, at magiging kaligayahan ko
iyon hanggang sa araw ng aking kama-
tayan."

15 At tumindig siya; isinuot niya ang
kanyang magandang damit at lahat ng
palamuti sa katawan ng isang babae.
Nagpauna ang kanyang utusan at inilatag
sa lupa, sa harapan ni Holopernes, ang
balahibo ng tupa na ipinagkaloob ni Ba-
goas kay Judit upang magamit niyang
sandalan araw-araw habang kumakain
siya.

16 Pumasok si Judit sa tolda at naupo sa
kanyang lugar. Nabighani ng kanyang ka-
gandahan ang puso ni Holopernes, naakit
ang buong katauhan nito at nag-alab ang
pagnanasang makipagtalik sa kanya.
Mula sa unang araw na makita siya nito,
nag-abang na ito ng pagkakataong akitin
siya. 17 Sinabi sa kanya ni Holopernes:
"Uminom ka at makipagsaya sa amin."
18 Sumagot si Judit: "Talagang iinom ako,
aking panginoon, sapagkat ngayon la-
mang ako nakaramdam ng ganitong kali-
gayahan mula nang ako'y ipanganak."
19 Kinuha niya ang inihanda ng kanyang
utusan para sa kanya at kumain siya at
uminom sa harapan ni Holopernes. 20 La-
bis na nagayuma ni Judit si Holopernes,
at uminom siya ng napakaraming alak,
higit sa naiinom niya sa isang araw sa
tanang buhay niya.

**Nagmimilagro ang Diyos**

**13** • 1 Gumabi na at nagmamadaling
nagsialis ang kanyang mga tau-
han. Pinaalis ni Bagoas sa harapan ng
kanyang panginoon ang mga nakatayo
pa sa paligid nito, at isinara ang tolda
mula sa labas. Nagsitulog na lahat ang
mga ito sapagkat napagod sa labis na
pag-inom. 2 Kaya naiwang nag-iisa si
Judit sa tolda, kasama si Holopernes, na
dahil sa kalasingan, ay napahandusay na
lamang sa kama. 3 Sinabi ni Judit sa kan-
yang utusan na tumayo sa labas ng silid at
bantayan ang kanyang paglabas sapag-
kat mananalangin siya, tulad ng ginagawa
niya araw-araw. Sinabihan din niya si Ba-
goas ng ganito.

---

• **13.1** Binibigyang-diin ng sumusunod na salaysay ang mapagkalingang pag-ibig ng Diyos na kumikilos kung kinakailangan, at ligtas na inaakay ang ating mga gawain pati 'yong parang tiyak na mabibigo, pag ipinagsasapalaran natin ang lahat para iligtas ang ating mga kapatid. Totoo ito sa ganitong kahulugan. Gayunpaman, mapapansin natin na ang panlilinlang ni Judit at ang di kapani-paniwalang paglupig sa mga Asirio pagkamatay ni Holopernes ay panaginip ng batang walang-laban. Binuo ang salaysay pagkatapos ng panahon ng mga Macabeo mula sa ala-ala ng isang nalupig na bayan, na walang kakayanang labanan ang maniniil; nagsisimula ito sa mga nandarayuhang pamayanang Judio na nawalan na ng gana at kakayahang makipagdigmaan. Muling bumabangon ang matandang panaginip ng isang lakas na mahika; heto ang mahimalang pagkilos ng Diyos na kayang baligtarin ang lahat ng sitwasyon at durugin ang kasamaan magpakailanman.

Madaling makita rito ang paghahalo ng sa tao at sa Diyos at di-kapani-paniwalang panaginip ng isang bata. Dito, minsan pa, ang krus at ang muling pagkabuhay ni Jesus, na napakalakas at napakamahinahon, ang magpapapanatili sa atin sa realidad.

Gayunpaman, nagiging makatotohanan ang salaysay nang pinawalang-halaga ng tagumpay ni Judit ang mataas na katayuan at karangalan ng mga lalaki, matatanda o pari, na naturingang mga pinuno ng bayan ng Diyos. Isa itong pagbabayad-puri sa mga babae sa isang lipunang labis ang pagkiling sa mga lalaki: Walang pagpapahalaga ang Diyos sa matatapang at mararangal na lalaking ito; ang kailangan lamang nilang gawin ay palakpakan ang isang walang-titulong babae.

4 Iniwan ng bawat isa ang tolda ni Holopernes, at walang sinuman – hamak o dakila – na nanatili sa silid. Tumayo si Judit sa tabi ng higaan ni Holopernes at nanalanging mataimtim: "Panginoong Diyos na makapangyarihan sa lahat, tulungan mo ako ngayon sa aking gagawin para sa ikaluluwalhati ng Jerusalem. 5 Sapagkat ngayon ang sandali upang iligtas mo ang iyong bayan at papagtagumpayin ang aking mga balak na durugin ang kaaway na nakahanay laban sa amin."

6 Lumapit siya sa tukod ng kama na malapit sa ulo ni Holopernes at ibinaba ang tabak. 7 Paglapit sa higaan, sinunggaban ang buhok at sinabi: "O Panginoong Diyos ng Israel, bigyan mo ako ng lakas, sa mga sandaling ito!" 8 At uboslakas niyang tinaga nang dalawang ulit ang leeg ni Holopernes at pinugot ang ulo. 9 Pinagulong niya mula sa higaan ang katawan nito at binatak ang mga kurtinang palamuti sa mga poste. Agad siyang lumabas at ibinigay ang ulo ni Holopernes sa kanyang utusan 10 Isinilid nito ang ulo sa supot na pinaglalagyan ng pagkain. At magkasama silang lumabas, tulad ng kinagawian, upang manalangin. Nang makatawid na sila sa kampo, lumigid sila sa gilid ng bangin, umakyat sa bundok pa-Betulia at sinapit nila ang mga pintuan ng bayan.

11 Malayu-layo pa'y tumawag na si Judit sa mga tanod sa pintuan: "Buksan, buksan ninyo ang mga pintuan! Ang Diyos, ang ating Diyos, ay sumasaatin! Gumawa na naman siya ng himala sa Israel at ginamit niya ang sariling kapangyarihan laban sa ating mga kaaway, tulad ng ginawa niya sa araw na ito!"

12 Pagkarinig ng mga taong-bayan sa kanyang tinig, tinawag ng mga iyon ang matatanda at nagmamadaling pinuntuhan ang mga pintuan ng bayan. 13 Patakbo silang nagsirating mula sa pinakahamak hanggang sa pinakadakila, sapagkat hindi nila inaasahan ang kanyang pagbabalik. Binuksan nila ang mga pintuan at sinalubong ang dalawang babae; nagsiga sila upang makita ang mga ito, at pinaligiran nila ang dalawa. 14 Sinabi ni Judit nang malakas sa mga tao: "Purihin ang Diyos, purihin siya! Purihin ang Diyos na hindi nagkait ng habag sa bayan ng Israel. Nilupig niya sa pamamagitan ng aking kamay ang ating mga kaaway sa gabi ring ito." 15 Inilabas niya sa supot ang ulo ni Holopernes at ipinakita sa mga tao: "Narito ang ulo ni Holopernes, punongheneral ng hukbo ng Asiria, at narito ang mga kurtina ng kamang kinahandusayan niya sa kalasingan. Pinatay siya ng Panginoon sa pamamagitan ng kamay ng isang babae. 16 Mabuhay ang Panginoong nagtanggol sa akin. Ang aking mukha ang umakit sa lalaking ito patungo sa kanyang wakas, ngunit pinangalagaan ako ng Panginoon. Hindi niya nagawang dungisan ako o lapastanganin." 17 Nag-umapaw ang kaligayahan ng buong bayan, kaya nagpatirapa sila at sumamba sa Diyos, at sinabi sa iisang tinig: "Pinagpala ka, aming Diyos na lumupig sa mga kaaway ng iyong bayan sa araw na ito."

**Pinagpala ka sa lahat ng babae**

• 18 Sinabi ni Ozias kay Judit: "Anak ko, pagpalain ka nawa ng Kataas-taasang Diyos nang higit sa lahat ng babae sa balat ng lupa.

At pagpalain ang Panginoong Diyos na Lumikha ng langit at lupa at pumatnubay sa iyo upang pugutan ng ulo ang pinuno ng ating mga kaaway.

---

• 18. *"Pagpalain ka nawa ng Kataas-taasang Diyos nang higit sa lahat ng babae."* Gugunitain ni Lucas ang mga salitang ito at iaakma niya kay Maria (Lc 1:42). Dahil kay Lucas, madali nating nakikita ngayon sa tagumpay ni Judit ang larawan ng isa pang tagumpay – ang tagumpay ni Mariang ligtas sa lahat ng kasalanan na "dumurog sa ulo ng ahas", ayon sa ipinahayag ng Biblia (Gen 3:15). At tinanggap niya nang lubusan ang Anak ng Diyos at ang kanyang matiyagang gawaing tubusin ang mundo mula sa mga kamay ng Diyablo. Sa kanya mas naaangkop, kaysa kay Judit, ang awit na tinutukoy natin: *"Ikaw ang luwalhati ng Jerusalem."*

19 Hindi malilimutan kailanman ng mga
tao ang pagtitiwalang ipinakita mo; lagi
nilang magugunita ang kapangyarihan ng
Diyos.
20 Pagkalooban ka nawa ng Diyos ng
walang-hanggang karangalan, at gan-
timpalaan ka at pagpalain sapagkat iti-
naya mo ang iyong buhay nang sikilin ang
iyong bayan.

At iniligtas mo kami sa kapahamakan
nang gawin mo ang marapat sa harap ng
Diyos."

At sumagot ang buong bayan: "Amen!
Amen!"

**14** 1 Sinabi ni Judit sa kanila: "Makinig kayo,
mga kapatid ko, kunin ninyo ang ulong
ito at isabit sa pader, 2 at pagsikat ng araw,
kumuha kayo ng sandata at lumabas sa bayan.
Pumili kayo ng pinuno at magkunwaring lulu-
song sa kapatagan papunta sa mga Asirio,
ngunit huwag kayong bababa. 3 Kukunin ng
mga tanod na Asirio ang kanilang mga sandata,
at pupunta sa kanilang kampo upang gisingin
ang mga heneral ng hukbong Asirio. Tatakbo
naman ang mga pinunong ito sa tolda ni Holo-
pernes, ngunit hindi siya makikita; sasaklutin
sila ng pangamba at tatakas na sila sa inyo.
4 Kayo at lahat ng naninirahan sa lupain ng
Israel, tutugisin ninyo sila at papatayin. 5 Ngunit
bago ninyo gawin ito, tawagin ninyo si Ahior na
Amonita upang makita niya at kilanlin ang
dumusta sa bayan ng Israel, ang lalaking nag-
padala sa kanya sa atin para patayin."
6 Sinundo si Ahior mula sa bahay ni Ozias.
Pagdating niya, nakita niya ang ulo ni Holo-
pernes sa kamay ng isa sa mga taong-bayan, at
nawalan siya ng malay-tao at napasubsob sa
lupa. 7 Nang itayo siya, nagpatirapa siya sa
paanan ni Judit at sinabi: "Pagpalain ka nawa sa
buong Judea at sa lahat ng bansang mama-
mangha pagkarinig sa iyong pangalan. 8 Ngunit
ngayon, sabihin mo sa akin ang lahat ng ginawa
mo sa mga araw na ito."

Pinagigitnaan si Judit ng mga tao, at sinabi
niya ang lahat ng kanyang ginawa mula sa araw
na umalis siya hanggang sa mga sandaling itong
nagsasalita siya. 9 Pagkatapos niyang magsalita,
sumigaw sa matinding galak ang mga tao, at
narinig iyon sa buong bayan. 10 Nakita ni Ahior
ang lahat ng ginawa ng Diyos ng Israel, at agad
siyang sumampalataya. Tinuli siya at napabilang
sa bayan ng Israel hanggang sa kasalukuyan.

11 Pagsikat ng araw, ibinitin nila sa pader ang
ulo ni Holopernes. Kinuha ng lahat ng kalala-
kihan ang kanilang sandata at pangkat-pangkat
silang nagpunta sa dalisdis ng kabundukan.
12 Nakita sila ng mga Asirio, at sinabihan ng mga
ito ang kanilang mga pinuno. Pinasabihan
naman ng mga iyon ang mga heneral, ang mga
kapitan at lahat ng pinuno. 13 Nagpunta silang
lahat sa tolda ni Holopernes at sinabi sa utusang
namamahala roon: "Gisingin mo ang ating
Panginoon sapagkat lulusong ang mga alipin at
makikipaglaban sa atin hanggang sa malipol."
14 Hinawi ni Bagoas ang kurtina, sa paniwalang
natutulog si Holopernes na kasama si Judit.
15 Nang walang sumagot, pumasok siya sa silid
at natagpuan sa sahig ang katawan ni Holoper-
nes, patay at walang ulo. 16 Sumigaw siya at
pinunit ang kanyang kasuotan. 17 Pumasok siya
sa toldang tinigilan ni Judit, ngunit hindi niya ito
nakita roon. Humangos siya papunta sa mga
kawal at sinabi: 18 "Nalinlang tayo ng mga alipin!
Patay na si Holopernes, nasa sahig at walang
ulo! Isang Ebrea lamang ang nagbulid sa
kahihiyan sa buong hukbo ni Haring Nabucodo-
nosor!" 19 Nang marinig ito ng mga pinuno ng
hukbo ng Asiria, labis silang nabalisa. Pinunit
nila ang kanilang damit at nagsipanangis nang
malakas.

**15** 1 Narinig ng mga nasa kampo ang pa-
nangisan at sila'y nabaghan. 2 Sinaklot
sila ng sindak at pangamba, at nagsitakas sa
mga lansangan sa kapatagan at kabundukan.
3 Nagsimula ring tumakas ang mga nagkampo
sa kabundukan sa paligid ng Betulia. At hinabol
sila ng mga Israelita. 4 Nagsugo ng kinatawan si
Ozias sa Betomestaim, Hoba, Koba at sa buong
lupain ng Israel, upang ipaalam ang nangyari at
sabihin sa kanilang lahat na habulin at lipulin
ang kaaway. 5 Nalaman ito ng mga Israelita at
sinalakay nila ang kaaway at hinabol ang mga
iyon hanggang Hoba. Dumating pati na ang
mga taga-Jerusalem, gayundin ang mga nasa
kabundukan, sapagkat nalaman nila ang
nangyari sa kampo ng mga kaaway. Ang mga
ito ay inabutan ng mga taga-Galaad at taga-
Galilea sa libis at hinabol hanggang sa Da-
masco at karatig. 6 Ang mga taga-Betulia
naman na nagpaiwan ay sumalakay sa kampo
ng mga Asirio; nandambong sila roon at nag-
kamal ng kayamanan. 7 Nagbalik ang mga
Israelita mula sa pagpatay at sinamsam naman
ang nalabi. Nakaagaw rin ng malaki ang mga
nasa nayon at bukirin, sa kabundukan at sa
kapatagan, sapagkat nakaparami ng nasam-
sam.

[8] Natuklasan ng punong-paring si Yoakim at ng Konseho ng Matatanda ng Israel sa Jerusalem ang lahat ng mabubuting bagay na ginawa ng Panginoon para sa Israel, at nagkaroon din sila ng pagkakataong makita si Judit at mapahatiran ng maligayang pagbati.
[9] Nilapitan nila si Judit, binasbasan at sinabi:

"Ikaw ang kaluwalhatian ng Jerusalem, ang ipinagmamalaki ng Israel. Dangal ka ng ating bayan.

[10] Ikaw lamang ang nakagawa ng lahat ng ito. Nakagawa ka ng mga dakilang bagay para sa Israel at pinagpala ng Diyos ang iyong gawain. Pagpalain ka nawa ng Diyos na Makapangyarihan magpakailanman."

At sumagot ang lahat: "Amen!"

[11] Sinamsaman ng mga tao ang kampo sa loob ng tatlumpung araw. Ipinagkaloob nila kay Judit ang tolda ni Holopernes, pati na ang lahat ng pilak, kama, saro at lahat ng muwebles. Kinuha naman ni Judit ang mga iyon at pagkatapos lagyan ng guwarnisyon ang kanyang mola, inihanda niya ang kanyang karwahe at isinalansan ang lahat ng iyon sa sasakyan.

[12] Patakbong sumalubong sa kanya ang lahat ng kababaihang Israelita, pinuri siya, at naghanda ng mga sayaw upang parangalan siya. Kumuha siya ng mga sanga ng olibo na ibinigay niya sa kababaihang sumama sa kanya.
[13] Gumawa siya at ang mga babaeng kasama niya ng mga koronang yari sa dahon ng olibo. Lumagay siya sa unahan ng mga tao at pinamunuan niya ang kababaihan sa pagsayaw. Sumunod naman ang kalalakihang Israelita, may dalang sandata at may putong na korona at malakas na umaawit ng imno.
[14] Inawit ni Judit ang imnong ito ng pasasalamat at sinabayan siya ng buong bayang Israel.

**Awit ni Judit**

**16** [1] Sinabi ni Judit: "Purihin ang aking Diyos sa saliw ng tamburin,
umawit sa karangalan ng Diyos sa pamamagitan ng pompiyang.
Lumikha kayo para sa kanya ng isang salmo ng papuri.
Purihin at tawagin ang kanyang Pangalan!
[2] Sapagkat ang Diyos ang Panginoong lumulupig sa digmaan,
at nagkakampo sa piling ng kanyang bayan
upang iligtas ako sa kamay ng kaaway.
[3] Lumusong ang Asirio mula sa kabundukan sa hilaga.
Dumating siyang kasama ang hindi mabilang na hukbo,
nagbara ang ilog sa dami ng kawal,
natakpan ng mga mangangabayo ang kabundukan.
[4] Gusto niyang sunugin ang aking lupain,
patayin sa tabak ang kalalakihan
lipulin pati mga pasusuhin,
silain ang mga bata
at gahasain ang aking kadalagahan.
[5] Itinaboy sila ng Panginoong Makapangyarihan sa pamamagitan ng kamay ng isang babae.
[6] Ang kanilang bayani ay hindi nilupig ng kabataang mga kawal,
hindi naibagsak ng mga anak ng mga Higante,
hindi nailugmok ng sinumang dakilang higante.
Ngunit si Judit, na anak ni Merari,
dahil sa alindog ng mukha
ang lumupig sa kanya.
Sa ikagiginhawa ng mga naaapi sa Israel
[7] hinubad niya ang kasuutan ng isang biyuda,
pinahiran ng pabango ang kanyang mukha;
[8] nilagyan ng nahihiyasang bandana ang kanyang buhok,
at nagsuot siya ng damit na lino upang makaakit.
[9] Naakit ng kanyang mga sandalyas ang mga mata ng heneral,
nagayuma ng kanyang kagandahan ang kaluluwa niyon –
at humiwa sa leeg niyon ang tabak.
[10] Nanginig sa takot ang mga Persiyano
dahil sa kanyang tapang
at nabigla ang mga Medo
sa kanyang kawalang-gulat.
[11] At sumigaw sa galak ang mga naaapi,
humiyaw ang mahihina, nasindak ang kaaway;
sumigaw sila: tumakas ang kaaway.
[12] Sinaksak sila ng mga anak ng kabataang babae at pinatay, tulad sa mga pugante,
kayat nalupig sila sa labanan ng Diyos.
[13] Aawitan ko ng bagong kanta ang aking Diyos:
Panginoon, dakila ka at maluwalhati, kamangha-mangha sa lakas, walang-talo!
[14] Paglingkuran ka nawa ng lahat mong nilikha,

sapagkat nagsalita ka at naganap ang lahat,
ipinadala mo ang iyong espiritu at nalikha ang lahat:
Wala sinumang makatututol sa iyong tinig.
15 Mayanig man ang bundok pati na ang dagat,
matunaw mang tila pagkit sa iyong harapan ang mga batuhan,
magpapakita ka pa rin ng kabutihan
sa lahat ng sa iyo'y may pitagan.
16 Hindi sapat sa iyo ang anumang handog
at ang sinunog na handog na taba ng hayop
ay walang-kabuluhan sa iyong harapan,
Ngunit sinumang may-takot sa Panginoon
ay dakila magpakailanman.
17 Sawimpalad ang bansang lalaban sa aking bayan:
Parurusahan sila ng Panginoong Makapangyarihan
sa araw ng paghuhukom,
sa pamamagitan ng apoy at ng mga uod
at tatangis sila't maghihirap magpakailanman."

18 Pagdating nila sa Jerusalem, sumamba sila
sa Diyos, at nang maging malinis na ang mga
taong-bayan ay inialay nila ang mga sinunog
na handog, mga kusang-loob na alay at mga
regalo. 19 Inialay naman ni Judit ang lahat ng ari-
arian ni Holopernes na ipinagkaloob sa kanya
ng bayan at itinalaga sa Panginoon ang lahat ng
kurtina sa silid niyon na siya mismo ang ku-
muha. 20 Nanatili sa Jerusalem ang mga taong-
bayan, nagsipagsaya sa harap ng Santuwaryo
sa loob ng tatlong buwan at sinamahan sila ni
Judit.

21 Pagkatapos ng mga araw na iyon, bumalik
ang bawat isa sa sariling bahay. Nagbalik si
Judit sa Betulia at iniukol ang sarili sa mga
gawaing-bahay. Habang buhay siyang naging
tanyag sa buong lupain. 22 Bagamat maraming
naghahangad na pakasalan siya, hindi siya na-
kipagtalik sa sinumang lalaki mula nang ma-
matay at ilibing ang kanyang asawang si Mana-
ses.

23 Ginugol niya ang kanyang katandaan sa
bahay ng kanyang asawa. Pinalaya niya ang
kanyang utusang babae. Namatay siya sa Be-
tulia sa gulang na sandaa't limang taon, at
inilagak ang kanyang bangkay sa libingan ni
Manases na kanyang asawa. 24 Ipinagluksa siya
sa buong Israel sa loob ng pitong araw. Bago
siya namatay, hinati niya ang kanyang mga
ari-arian sa mga kamag-anak ng kanyang asa-
wang si Manases at gayundin sa kanyang sari-
ling kamag-anak.

25 Wala sinumang nagbantang muli sa bayan
ng Israel habang nabubuhay si Judit, at sa ma-
habang panahon pa pagkamatay niya.